# Baha — ano ang dapat gawin

drspmtl.ca/inondations

## MGA PANGANIB SA KURYENTE

- Kung may tubig sa inyong tirahan, huwag gumamit ng anumang de-kuryenteng kagamitan.
- Habang may baha o pagkatapos ng baha: tumawag sa Hydro-Québec upang ipaputol ang kuryente, at kumonsulta muna sa isang elektrisyan bago ito muling buksan.

Kung maaari, bago bumaha: patayin ang kuryente.

## PANGANIB: CARBON MONOXIDE (CO)

- Huwag kailanman gumamit ng kagamitang may combustion o nagsusunog ng fuel (gas, propane, atbp.) sa loob ng bahay, kahit nakabukas ang bintana. Naglalabas ang mga ito ng carbon monoxide (CO), isang nakamamatay na gas na hindi nakikita at walang amoy.
- Maglagay ng CO detector sa bawat palapag at malapit sa mga silid-tulugan. Kung tumunog ito, lumabas agad at tumawag sa 911.

## PAGBALIK SA INYONG TIRAHAN

- Bumalik sa araw upang makita nang malinaw ang mga panganib. Maglinis gamit ang guwantes, botang goma, at N95 mask.
- Iwasang hawakan ang tubig-baha.
- Kumain sa tuyong lugar at maghugas ng kamay nang madalas.

## TUBIG

- Tubig mula sa lungsod: maaari itong inumin maliban kung may abiso mula sa lungsod na nagsasabing huwag muna itong inumin.
- Tubig mula sa balon: pakuluan ito nang isang minuto o gumamit ng bottled water.
- Kung marumi ang tubig o may kakaibang amoy, gumamit ng bottled water.

## PAGKAIN

- Itapon ang anumang bagay na nadikit sa tubig-baha, pati ang mga pagkaing madaling masira (halimbawa: isda, karne) na naiwan sa temperatura ng kuwarto nang mahigit 2 oras.
- Freezer: kung ang brownout o pagkawala ng kuryente ay tumagal nang mahigit 6 na oras, panatilihin lamang ang mga pagkaing nananatiling frozen o may yelo pa.
- Refrigerator: panatilihin ang buong prutas at gulay, juice, jam, at condiments (halimbawa: mustard, salad dressing, mayonnaise).

## PAGLILINIS AT AMAG

- Maaaring magdulot ng sakit ang amag, tulad ng iritasyon at impeksiyon sa paghinga.
- Linisin at patuyuin ang mga binahang surface at bahagi ng bahay. Itapon ang mga bagay na nababad sa tubig, tulad ng muwebles, gypsum/drywall, at iba pa.
- May tanong? Makipag-ugnayan sa kumpanyang kinikilala ng Régie du bâtiment du Québec (RBQ).

## Kailangan ng tulong?

Emergency na banta sa buhay : 911

Info-Santé at Info-Social: 811

Lungsod ng Montréal: 311

Services Québec: 1 877 644-4545

Sécurité publique: 1 888 643-2433

Québec

Une production de la Direction régionale de santé publique de Montréal | Avril 2026